

# Paano sisimulan ang paggamit ng Filipino bilang wika ng serbisyo publiko

?



**Ano ang gagawin ko  
pagkatapos kong dumalo sa  
seminar na ito?**

1. Magbibigay ako ng ulat o rekomendasyon sa aming gobernador/alkalde o sa aking kagyat na superbisor na gamitin ang wikang Filipino sa mga korespondensiya opisyal sa aming lalawigan/lungsod/bayan.
2. Magbibigay ako ng echo training.  
Kanino o saan?  
\_\_\_ sa aking mga kasamahan sa opisina  
\_\_\_ sa barangay  
\_\_\_ iba pa?
3. Bubumuo kami ng Lupon sa Korespondensiya Opisyal (LKO).

## 1. Ano ang LKO?

Lupon o Komite na mamahala/  
mangangasiwa sa paggamit ng wikang  
Filipino sa mga lokal na yunit o ahensiya ng  
pamahalaan

## 2. Ano ang tungkulin ng LKO?

- a. Bumuo ng mga patakaran o proyekto hinggil sa pagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa mga transaksyon at korespondensiya sa kanilang opisina
- b. Magsagawa ng mga proyekto o gawain na gumagamit ng wikang Filipino
- c. Makipag-ugnayan sa KWF

### 3. Sino-sino ang kasapi nito?

a. Tagapangulo

b. Mga Kasapi (5-7 kasapi)

> magtatalaga mula sa mga departamento/  
sangay/yunit

> mula sa isang departamento/  
sangay/yunit

## Mga mungkahing gawain:

- 1. Isa-Filipino ang ulong sulat o letterhead;**
- 2. Isalin sa Filipino ang misyon at bisyon ng inyong institusyon;**
- 3. Isalin sa Filipino ang Gabay ng Mamamayan (Citizen's Charter);**
- 4. Isa-Filipino ang ilang proseso at karatula na maggagabay sa mga kliyente;**
5. Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kliyente na nakasulat sa Filipino;
6. Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kawani na nakasulat sa Filipino;
7. Simulang gumamit ng Filipino sa mga korespondensiya, katulad ng liham, memorandum, at iba pa;
8. Gawing Filipino ang mga press release;
9. Isa-Filipino ang mga pabatid, poster, brochure, at mga katulad na materyales; at
10. Isalin sa Filipino ang mga pangalan ng mga tanggapan at mga sangay.
11. Makiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika

# KWF Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko

**Bumuo ng Lupon sa Korespondensiya Opisyal na mamumuno sa pagsasagawa ng sumusunod:**

- 1. Isa-Filipino ang ulong sulat o letterhead;**
- 2. Isalin sa Filipino ang misyon at bisyon ng inyong institusyon;**
- 3. Isalin sa Filipino ang Gabay sa Mamamayan (Citizen's Charter);**
4. Isa-Filipino ang ilang proseso at karatula na maggagabay sa mga kliyente;
5. Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kliyente na nakasulat sa Filipino;
6. Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kawani na nakasulat sa Filipino;
7. Simulang gumamit ng Filipino sa mga korespondensiya, katulad ng liham, memorandum, at iba pa;
8. Gawing Filipino ang mga press release;
9. Isa-Filipino ang mga pabatid, poster, brochure, at mga katulad na materyales; at
10. Isalin sa Filipino ang mga pangalan ng mga tanggapan at mga sangay.
11. Makiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika

**Dedlayn ng paglahok: 30 Mayo 2019**





## **Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko**

Timpalak at parangal para sa mga ahensiya at lokal na yunit ng pamahalaan na sumunod sa implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 at nagpamalas ng kahusayan sa paggamit ng Filipino bilang wika ng serbisyo publiko.



## **Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko**

**2016**

- ✓ **Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining**
- ✓ **Korporasyong Pangkoreo ng Pilipinas**

**2017**

- ✓ **Korporasyong Pangkoreo ng Pilipinas**
- ✓ **Lungsod Taguig**
- ✓ **Lungsod Mandaluyong**



## **Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko 2018**

- ✓ **Korporasyong Pangkoreo ng Pilipinas**
- ✓ **Lungsod Taguig**
- ✓ **Lungsod Mandaluyong**
- ✓ **Lungsod Maynila**
- ✓ **Sentrong Medikal ng Rizal**
- ✓ **Komisyon sa mga Filipino sa Ibayong Dagat**